

Mga Dapat Gawin Kung May Sunog



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Alamin ang mga ligtas na daan palabas ng silid / paaralan

Ang hangarin ay ang makalabas ng mabilis na may pag-iingat.




Sa oras ng sunog, maaring mahirap makita ang daan kung kayat mahalaga na malaman at tandaan ang ibat ibang daan palabas ng paaralan.



Alamin kung ilan ang daan palabas ng paaralan at kung paano makakarating dito mula sa inyong silid o kinaroroonan.

Mainan na mayroong mga nakapaskel na mapa na magpapakita ng ligtas na daan palabas

Gamitin ang hagdan kung nasa itaas ng isang gusali. Huwag gumamit ng elevator.



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Magtalaga ng isang ligtas na lugar kung saan maaring magtipon tipon.

Ito ay maaring sa isang “basketball court”, “open field” o parang, o sa “parking lot o paradahan ng sasakyan

Sa ganitong paraan, masisiguro kung ang lahat ay ligtas na nakalabas sa paaralan



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Mga karagdagang pag iingat kung kayo ay nasa loob ng isang silid na nakasara ang pinto.

1. Kung may usok na lumalabas sa ilalim ng pinto – **HUWAG BUKSAN ANG PINTO**
2. Kung walang usok, marahang hawakan ang pinto. Kung mainit - **HUWAG BUKSAN ANG PINTO**
3. Kung walang usok, at hindi mainit ang pinto, marahang hawakan ang “door knob”. Kung mainit - **HUWAG BUKSAN ANG PINTO**



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Mga karagdagang pag iingat kung kayo ay nasa loob ng isang silid na nakasara ang pinto.

4. Kung walang usok na lumalabas sa paligid ng pinto at hindi mainit sa pakiramdam ang pinto o “door knob”

MAARING BUKSAN NG MAY PAG IINGAT ANG PINTO

Kung may init o usok na biglang pumasok sa silid... **MABILIS NA ISARA ANG PINTO**

Kung walang init o usok sa iyong pagbubukas ng pinto...

magtungo sa itinakdang ligtas na daan patungo sa inyong “meeting place”



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Iwasan ang usok. “Stay Low”

Kung may usok, gumapang palabas ng silid upang maiwasang malanghap ang usok.



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Don't stop. Don't go back!

Huwag balikan ang anumang bagay na naiwan. Hayaang ang mga taong may kakayanan sa pagsagip ang bumalik kung kinakailangan



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

KUNG HINDI KAAGAD MAKALABAS SA SILID.....

Humingi ng tulong mula sa isang nakabukas na bintana.

Huwag magtago sa ilalim ng kama o mesa na kung saan ay hindi ka agad makikita ng mga taong sasagip sa iyo

Upang hindi makapasok ang usok at apoy.. Tapalan ang mga uwang sa pinto ng damit o kumot.

Magtakip ng ilong at bibig gamit ang panyo.



MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Kung nasusunog ang iyong damit

- **Stop!** – Huminto
 - Huwag tumakbo!
- **Drop!** – Humiga sa kinaroroonan!
- **Roll!** – Gumulong!
Takpan ang mukha ng kamay.




MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY SUNOG:

Practice! Practice! Practice!

“Fire Drill”

Magsagawa ng regular na pagsasanay sa mga dapat gawin kung sakaling magkasunog sa inyong lugar



MGA DAPAT GAWIN UPANG MAKIWAS SA SUNOG:

- Huwag maglaro ng posporo o 'lighter'
- Lumayo sa lutuan, kandila o anumang bagay na nagliliyab



Maraming Salamat!

